



# Isang Bagong Simula

Paghahanda sa Ating Pagbabalik sa Kanya

*Ang buhay sa mundong ito'y isa lamang pampalipas-oras at isang laro. Katotohanan, ang Tahanan ng Kabilang Buhay - iyan talaga ang Buhay, kung kanila lamang alam.*

*Banal na Qur'an, Al-Ankabut (29:64)*

*Mahal naming kapatid,*

*Assalaamu alaykum wa rahmatullaahi wa barakatuh!*

*Dalangin namin ang katibayan ng iyong pananampalataya sa Makapangyarihang Allah sa pagharap sa matinding pagsubok na ito, in shaa Allah.*

*Maaaring dumaan tayo sa iba't ibang matitinding emosyon dahil sa pagsubok na ating kinakaharap. Dapat nating tandaan na ito'y normal at hindi kahinaan. Umiyak kung sa tingin natin ay makakatulong ito sa pagpapagaan ng ating loob--hindi ito nangangahulugan na mahina tayo o walang pagtitiis. Kahit ang Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) ay nagkaroon ng mga pagkakataong umiyak habang nagdadasal kay Allah. Ang mahalaga ay patuloy tayong lumaban at manampalataya sa Kanya. Maaari ring makipag-usap sa mga mahal sa buhay upang gumaan ang ating loob, o di kaya'y bigyan ang sarili ng sapat na panahon para sa pagpapahinga at matapos nito'y magpaka-abala naman sa mga bagay na makakatulong sa ating umiwas na mag-isip ng mga nakakalungkot na bagay.*

*Dahil normal sa mga ganitong panahon na makaramdam ng halu-halong emosyon tulad ng takot, lungkot, at galit, at dahil*

ang pagbabasa ay napatunayang isang mabisang paraan upang maiwasang mapuno ang ating isip ng mga lalong nakababahalang bagay at mabawasan ang ating nararamdamang stress, narito ang isang babasahin, **Isang Bagong Simula**, na ang layunin ay tulungan tayong tumutok sa buhay na walang hanggan at gawin sa abot ng ating makakaya ang lahat ng kalugod-lugod sa Allah habang naririto pa sa mundong ito, in shaa Allah.

Ang **Isang Bagong Simula** ay isang paalala na ang buhay natin sa mundong ito'y hindi magpakailanman; ito'y magtatapos upang magbigay-daan sa ating buhay na walang hanggan. Maaaring nakakabigla, nakakalungkot o di kaya'y nakakagalit na maisip na iiwan na pala natin ang mundong ito. Maaari rin namang minsan nakakaramdam tayo ng pagkainip at gusto na nating tapusin agad-agad. Ngunit, maaari ring ang pag-iisip sa katotohanang iiwan natin ang mundong ito ay isang pagkakataon na mas mabigyan ng pansin ang kinakailangang paghahanda sa pagbabalik natin sa Kanya. Maaari rin palang ito lamang ang kinakailangan para mas makita natin ang di-mabilang na mga biyaya sa ating paligid.

Hindi kailangang madaliin ang pagbabasa rito--hindi naman ito paligsahan. May mga oras na maaari ring paulit-ulit na basahin ang mga bahagi na nagustuhan natin, isaisip at mas mahalaga ay isapuso. At higit na mas maganda, ibahagi rin sa ating mga mahal sa buhay ang aklat na ito at ang mga napulot na aral, in shaa Allah.

Magbasa. Magmuni-muni. Magdasal. Manampalataya.

Halina't tayo'y maghanda sa abot ng ating makakaya para sa ating pagbabalik sa Kanya.

## PAGHARAP SA PANIBAGONG PAGSUBOK

Hindi ganoon kadali para sa atin na marinig lalo na sa kauna-unahang pagkakataon na nag-positibo tayo sa isang sakit. Nakakabigla; maaaring pakiramdam din natin ay parang hindi totoo ang ating naririnig. At, habang dumaranas tayo ng iba't ibang emosyon, bukod pa sa mga katanungang nag-uunahan sa ating isipan, kalimitan ay pinipilit pa nating maging kalmado sa harap ng doktor at ng kapamilya o kaibigang kasama natin.

Mahalagang tandaan: ang paiba-iba't matitinding emosyon ay normal kapag nakakaranas tayo ng di-inaahasang pangyayari. Huminto tayo saglit. Huminga nang malalim, ulitin nang ilang beses kung kinakailangan. Umupo. Uminom ng tubig. At, tandaan: *hindi kailangang maging maayos ang ating pakiramdam agad-agad*. Huwag madaliin ang sarili. Dahan-dahan lang...kung ano lang ang kaya nating i-proseso sa bawat araw. In shaa Allah.

Normal din na kalmado tayo ngayon, tapos bigla na lang nag-aalala mayamaya; may ganang makipag-usap isang minuto, tapos biglang gusto na lang matulog sa susunod. Ang lahat ng ito ay normal. At, ang mga pabagu-bagong pakiramdam na ito ay maaaring tumagal ng dalawang linggo o higit pa depende sa ating kondisyon. Ang mahalaga ay habang dumaraan tayo sa mga kinakailangang medikal na proseso, pinipilit natin sa abot ng ating makakaya na maging abala rin sa mga kapaki-pakinabang na gawain na gusto natin at kaya nating gawin sa ating sitwasyon. Maaaring pagkuha ng sapat na tulog, pakikipagkwentuhan sa ating mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng telepono o internet, pagsusulat ng ating mga naiisip o

nararamdaman, o pagbabasa. Normal din at sa katunayan ay mabuti na humingi tayo ng tulong o ipahayag natin ang mga pangangailangan natin sa mga taong nakapaligid sa atin.

At, sa mga oras na hindi natin maiwasan na magtaka kung bakit ang mga ganitong bagay ay nangyari sa atin, nawa'y maalala natin si Propeta Ayyub/Job (sumakanya nawa ang kapayapaan ng Allah) na dinapuan ng napakatinding karamdaman bukod pa sa pagkawala ng kanyang mga mahal sa buhay at ari-arian ngunit nanatiling nananampalataya sa Allah. Nawa'y maalala rin natin ang sinabi ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah (ﷺ)):

*"Ang lahat ng bagay ay may realidad, at hindi maaabot ng isang alipin ang realidad ng pananampalataya hanggang maunawaan niya na ang dumapo sa kanya ay di-maaaring hindi tumama sa kanya, at ang hindi tumama sa kanya ay di-maaaring dumapo sa kanya."* (Ahmad)

May karunungan sa bawat pangyayari. Kailangang sabihin natin sa ating mga puso na may kabutihan sa itinakda ng Allah. Kaya't nawa'y gamitin natin ang paghinto na ito nang positibo at may pagtitiis, in shaa Allah.

*"Walang pagkapagod, o karamdaman, o pighati, o kalungkutan, o sakit, o pagkabahala ang dumadapo sa isang Muslim, kahit ito pa'y pagkakatundo niya sa isang tinik, na hindi pinapambayad ng Allah sa kanyang mga pagkakasala."* (Bukhari)

## PAGTANGGAP SA KATOTOHANAN NG BUHAY SA MUNDONG ITO

*At tunay na susubukan Namin kayo sa ilang bagay (tulad ng) sa pagkatakot at gutom, at pagkawala ng kayamanan at mga buhay at mga pananim; ngunit magbigay ng mabuting pagbati sa matiisin*

*Na, kapag ang kapinsalaan ay tumama sa kanila, ay nagsasabi: "Katotohanan, kami ay kay Allah at katotohanan, sa Kanya kami babalik."*

*Sa kanila nakalaan ang pagpapala ng kanilang Panginoon at awa. At sila ang wastong pinatnubayan.*

*Banal na Qur'an, Al Baqarah (2): 155-157*

Kung pag-iisipan nating mabuti ang mga nabanggit na bersikulo, mauunawaan natin na ang ating buhay sa mundong ito'y normal na magkakaroon ng mabibigat na pagsubok. Minsan paisa-isa, minsan din naman sabay-sabay. Isa siyang paalala na hindi ang mundong ito ang tunay nating tahanan. *Inna lillahi wa inna ilayhi rajioon* ("Katotohanan, kami ay kay Allah at katotohanan, sa Kanya kami babalik"). Tayo ay babalik kay Allah. Tayo ay itinadhanang mabuhay nang walang hanggan, at in shaa Allah, sa habag at awa Niya, tayo ay maninirahan sa Paraiso.

May mga pagsubok man Siyang ibinibigay, sinabi rin naman Niya kung ano ang dapat nating gawin: *magdasal, maging matiisin, at manampalataya nang husto*. Pasasaan ba't matatapos din ang lahat ng paghihirap, in shaa Allah, at

ang pagiging matiisin natin ay gagantimpalaan Niya nang husto.

Pagiging matiisin. Paano kaya natin maipapakita ito? Isipin ang mga nakaraang pagsubok sa ating buhay. Anu-ano kaya ang mabuting ginawa natin para malampasan ang mga pagsubok na iyon? Maaari kaya nating gamitin ulit ngayon?

Magdasal at manampalataya. Maaaring dahil sa sobrang dami ng ating gawain araw-araw, may mga pagkakataong nakalimutan na nating maglaan ng oras para maisagawa ang limang beses na pagdarasal at ibang anyo ng pagsamba. Pagkakataon na natin ito para makabawi, in shaa Allah. Magdasal at manampalataya. Manampalataya at panghawakan ang sinabi ng Allah sa Banal na Qur'an na,

*"Katotohanan, sa bawat paghihirap ay may ginhawa."*

Banal na Qur'an, *Al Shahr* (94): 6

## PAG-ALAALA SA ALLAH (*Dhikrullah*)

*Yaong mga nananampalataya at ang mga puso'y nakakatagpo ng kasiyahan sa pag-alaala sa Allah-katiyakan, sa pag-alaala sa Allah nakakatagpo ng kasiyahan ang mga puso.*

Banal na Qur'an, *Ar Rad* (13): 28

Gaano kadalas natin maalala ang Allah? Napapaglaanan ba natin ng panahon ang pagsasambit ng mga salita ng pagluwalhati at pagpuri sa Kanya? Nakakahingi ba tayo ng kapatawaran sa ating mga pagkukulang at kasalanan? Nakakapagmuni-muni ba tayo sa mga paalala Niya sa atin sa Banal na Qur'an at sa mga hadith ng Propeta Muhammad (ﷺ)?

Alhamdulillah sa mga di-inaasahang pangyayari na nagbibigay-daan para mabigyang-pansin ang mga ito. Pagkakataon na nating gawin nang husto ang lahat ng ito ngayong hindi tayo makalabas ng ating kwarto, in shaa Allah.

Pero ano nga ba ang maidudulot nito sa atin?

Bukod sa makakatulong ito na makaiwas tayo sa pag-iisip ng mga nakakalungkot o nakababahalang bagay, maaari pa tayong magkamit ng napakalaking gantimpala sa kabilang buhay, in shaa Allah. Tulad nga ng naisaad sa isang hadith,

Iniulat ni Abu al-Darda:

Tinanong minsan ng Propeta (ﷺ) ang kanyang mga kasama:  
"Gusto niyo bang sabihin ko sa inyo kung ano ang pinakamahasay



sa lahat ng gawain, ang pinakamahusay na halimbawa ng taqwa (takot at pagmamahal sa Allah) sa paningin ng inyong Panginoon, na siyang magpapataas sa inyong ranggo sa kabilang buhay, at mas mahalaga kaysa sa paggastos ng ginto't pilak sa paglilingkod sa Allah o pagsali sa jihad kung saan ang mga kalaban ay inyong mababawian ng buhay o kayo'y mababawian ng buhay sa landas ng Allah?" Sumagot ang mga ito, "Opo." Sinabi niya, "Ito'y ang **pag-alaala sa Allah.**" (Ahmad; Tirmidhi; Ibn Majah; Hakim)

MashaAllah! Gaano kabigat sa timbang ng mabuting gawain ang pag-alaala sa Allah, 'di ba? Tandaan din na hindi lamang matapos ng limang beses na pagdarasal maaaring gawin ang mga ito. Tulad nga ng nakasulat sa Banal na Qur'an,

*Yaong mga umaalala sa Allah habang nakatayo o nakaupo o (nakahiga) nasa kanilang tagiliran at pinag-úsipan ang pagkakalikha ng mga kalangitan at lupa, (at nagsasabi), "Aming Panginoon, hindi Mo ito nilikha nang walang layunin; kaluwalhatian sa Iyo; protektahan Mo kami mula sa kaparusahan ng Impyerno."*

Banal na Qur'an, Ali 'Imran (3):191

Kaya halina't alamin ang iba't ibang mga papuri't panalangin na makapagpapalapit sa atin sa Allah, in shaa Allah!

## Pagluwalhati at Pagpuri sa Allah

Iniulat ni Ka'b bin 'Ujrah (kaluguran siya ng Allah):

Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ), "May mga salita na hindi makakabigo sa mga nagsasabi nito. Ang mga ito ay: Tasbih (pagsasabi ng **SubhanAllah** (Kaluwalhatian sa Allah), tatlumpu't tatlong beses, Tahmid [pagsasabi ng **Alhamdulillah** (papuri kay Allah)] tatlumpu't tatlong beses, at Takbir [pagsasabi ng **Allahu Akbar** (Dakila ang Allah)] tatlumpu't apat na beses; at ang mga ito'y dapat sinasambit matapos ang bawat ipinag-utos na pagdarasal (*salah*)."

[Muslim]

Iniulat ni Abu Hurairah (kaluguran siya ng Allah):

Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ), "Siya na nagsasambit matapos ang bawat *salah*: **SubhanAllah** (Kaluwalhatian sa Allah) tatlumpu't tatlong beses; **Alhamdulillah** (papuri sa Allah) tatlumpu't tatlong beses; Allahu Akbar (Dakila ang Allah) tatlumpu't tatlong beses; at kinumpleto ang isang daan gamit ang: **La ilaha illallahu, wahdahu la sharika lahu, lahul-mulku wa lahul-hamdu, wa Huwa 'ala kulli shai'in Qadir** (walang ibang diyos kungdi ang Allah. Siya ang Nag-iisa at wala Siyang katambal. Sa Kanya ang dakilang kapangyarihan at sa Kanya ang papuri, at Siya'y makapangyarihan sa lahat ng bagay), ang lahat ng kanyang kasalanan ay papatawarin kahit na kasing lawak pa ito ng mga bula sa ibabaw ng dagat."

[Muslim]

Iniulat ni Abu Malik Al-Ash'ari (kaluguran siya ng Allah):

Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Ang kadalisayan ay kalahati ng pananampalataya. Pinupuno ng 'Alhamdulillah' ang Timbangan, at pinupuno ng 'SubhanAllah' at 'Alhamdulillah' ang lahat ng nasa pagitan ng langit at lupa."

[Muslim]

Kung iisiping mabuti, hindi mabibilang ang mga dapat nating ipagpasalamat sa Allah, subhanAllah! Bago tayo magpatuloy sa munting aklat na ito, ano kaya't huminto muna tayo sandali at subukang isa-isahin ang mga ipinagpapasalamat natin sa Kanya? Kumpletuhin natin ang pangungusap na ito nang makailang beses:

*"Alhamdulillah para sa \_\_\_\_\_."*

Halimbawa:

*Alhamdulillah para sa ating mga mata dahil nakakapagbasa ako ngayon.*

*Alhamdulillah para sa hangin na libre Niyang ibinibigay sa atin.*

*Alhamdulillah para sa ating mga kamay.*

Ipagpatuloy ang pag-kumpleto sa pangungusap na ito. Lahat ng maiisip nating biyaya--materyal man o hindi--na galing sa Kanya. Kung may lapis at papel, maaaring isulat ang iyong sagot. At kung napapansin nating nakakagaan ng pakiramdam ang gawaing ito, mas makabubuting gawin ito araw-araw.

## Paghingi ng kapatawaran mula sa Allah (*Istighfar*)

Pag-isipan ding mabuti ang mga sumusunod ukol sa pagsisisi sa mga kasalanan at paghinggi ng kapatawaran:

*Iniulat ni 'Abdullah ibn Mas'ud (kaluguran siya ng Allah):*

*Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Ang sinumang magsambit ng 'Astaghfirullahal 'Azim Alladi La Ilaha illa Huwal Hayyul Qayyumu wa atubu ilayhi' (hinihingi ko ang kapatawaran ng Dakilang Allah, walang ibang diyos kungdi Siya, ang Buhay, ang Walang Hanggan, at sa Kanya ang [pagpapahayag ko ng] aking pagsisisi) nang tatlong beses, ang kanyang mga kasalanan ay papatawarin kahit siya pa'y tumakas mula sa labanan."*

[Hakim]

*Iniulat ni Ibn 'Abbas (kaluguran siya ng Allah):*

*Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ), "Ang sinumang palaging humihingi ng kapatawaran (ng Allah), magtatakda ang Allah para sa kanya ng daang palabas sa bawat pagdurusa at ginhawa sa bawat pagkabalisa, at bibigyan siya ng kabuhatan mula sa hindi niya inaasahan."*

[Abu Dawud]

Hindi ba't nakakapagbigay ng lubos na pag-asa? Minsan talaga napapasaisip natin na napakalayo na natin sa Kanya at hindig-hindi na tayo makakabalik pa dahil sa mga nagawa nating mali sa buhay. Ngunit, kung babalikan ang mga nasabing hadith, mauunawaan natin na hindi pa huling

magbalik-loob sa Kanya na Siyang Pinakamahabagin at Pinakamaawain, at napakalaking gantimpala rin ang naghihintay sa atin sa paghingi natin ng kapatawaran. Huwag nating kalimutan na ang awa ng Allah ay lubos na nakahihigit sa Kanyang parusa. Kung hindi Niya tayo gustong gabayan sa tamang landas, ni hindi Niya ibibigay sa atin ang Kanyang mga banal na aklat at ni hindi Siya magpapadala ng mga propeta na gagabay sa atin. Huwag nating maliitin ang awa Niya, at huwag na huwag mawalan ng pag-asa. Hindi ba't sinabi rin Niya sa Banal na Qur'an,

*Sabihin, "O Aking mga alipin na lumabag sa mga sarili nila (sa pamamagitan ng pagakasala), huwag mawalan ng pag-asa sa awa ng Allah. Katotohanan, pinapatawad ng Allah ang mga kasalanan. Katotohanan, Siya ang Mapagpatawad, ang Pinakamaawain."*

Banal na Qur'an, Az-Zumar (39):53

*Kaya't ating isaisip at isapuso ang panalangin na itinuro sa hadith at patuloy na lumapit sa Allah--Astaghfirullahal 'Azim Alladi La ilaha illa Huwal Hayyul Qayyumu wa atubu ilayhi' Chinihingi ko ang kapatawaran ng Dakilang Allah, walang ibang diyos kungdi Siya, ang Buhay, ang Walang Hanggan, at sa Kanya ang [pagpapahayag ko ng] aking pagsisisi'.*

Kasabay ng paghingi ng kapatawaran sa Allah at pagsusumikap nating hindi na muling gawin ang mga kamalian, kunin na rin natin ang pagkakataong ito na tanungin ang ating mga sarili--*mayroon ba akong kagalit o*

*katampuhan ngayon? Mayroon ba akong hindi pa napapatawad?*

Mahalagang gawain din ito sa ating paghahanda para sa isang bagong simula. Hindi ba't mas magandang magsimula nang walang dalang mabibigat na bagay sa ating kalooban? Hindi ba't mas ikalulugod din ng Allah na marunong tayong magpatawad alang-alang sa Kanya? In shaa Allah, tulad ng pag-asa sa puso natin na papatawarin Niya tayo gaano man karami't kabigat ng ating mga nagawang kasalanan, mahanap din natin sa ating puso ang habag at pagmamahal para sa kapwa nilikha ng Allah.

## PAGSASAGAWA NG LIMANG BESES NA PAGDARASAL (SALAH)

Iniulat ni Abu Huraira:

*The Messenger of Allah, peace and blessings be upon him, said, "Ang unang gawain na pananagutan ng isang alipin ng Allah sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay ang kanyang salah. Kung ang mga ito'y maayos, siya'y papalarin at magtatagumpay. Kung ang mga ito'y kulang, siya'y mabibigo't matatalo. Kung may kakulangan sa kanyang mga ipinag-utos na salah, sasabihin ng Makapangyarihang Panginoon: Tingnan kung mayroon siyang mga boluntaryong salah na maaaring kumumpleto sa kulang sa kanyang mga ipinag-utos na salah. Ang lahat ng iba pa niyang gawain ay huhusgahan sa ganitong paraan."*

[Tirmidhi]

Habang tayo'y nasa ganitong kalagayan, pagkakataon na nating bigyan ng pansin at seryosohin ang obligasyon nating ito sa abot ng ating makakaya, in shaa Allah.

Hindi pa huli ang lahat habang tayo'y binibigyan Niya ng bawat segundo, minuto, o araw. Kung kaya nating gawin ito ayon sa ipinag-utos na paraan ay gawin natin. Kung ang kalusugan naman natin ay nagiging hadlang (hindi tayo makatayo, halimbawa) tandaan na maaari rin namang gawin ito nang nakaupo, at sa halip na mag-wudhu gamit ang tubig ay isagawa na lamang ang tayammum. Ang mahalaga ay yung intensyon at pagpupursigi na maisagawa

ito sa pinaka-katanggap-tanggap na paraan ayon sa ating kalagayan, in shaa Allah.

## Kahalagahan ng *Salah*

Mula sa *Risale-i Nur* ni Bediuzzaman Said Nursi

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Sa Ngalan ng Allah, Ang Pinakamahabagin,  
Ang Pinakamaawain.

إِنَّ الصَّلَاةَ كَانَتْ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ كِتَابًا مَوْقُوتًا

*Katotohanan, ang pagdarasal (salah) ay ipinapatupad sa takdang oras sa mga sumasampalataya.*<sup>1</sup>

Minsan, sinabi sa akin ng isang matipuno't kagalang-galang na nakatatandang lalaki: “Mainam naman ang pagdarasal (*salah*), ngunit ang isagawa sila nang limang beses sa bawat araw ay sobra-sobra. Dahil hindi sila natatapos, ito'y nakakabagot.”

Matagal na panahon matapos sabihin ng taong ito ang mga salitang ito, pinakinggan ko ang aking kaluluwa at narinig kong ganitong-ganito rin ang sinasabi nito. Tiningnan ko ito at nakita ko na sa pamamagitan ng tainga ng katamaran, ito'y tumatanggap ng kaparehong aral mula kay Satanas. At aking naunawaan na ang mga salitang iyon ay tila nasabi sa ngalan ng lahat ng mga kaluluwang nag-uutos sa kasamaan, o di kaya sila'y naudyukan. Kaya't aking sinabi: “Dahil ang aking kaluluwa ay nag-uutos sa kasamaan, siya na hindi pinapagbago ang kanyang sariling kaluluwa ay hindi makakapagpabago ng iba. Kung kaya't magsisimula ako sa sarili kong kaluluwa.”

Sinabi ko: O, kaluluwa! Makinig sa ‘Limang Babala’ na tugon sa mga salitang iyong nasambit sa matinding kamangmangan, sa kama ng katamaran, sa idlip ng pagwawalang-bahala.

---

<sup>1</sup> Qur'an 4:103



## UNANG BABALA

O, aking kahabag-habag na kaluluwa! Walang hanggan ba ang buhay mo? Mayroon ka bang hindi mapag-aalinlanganang dokumento na nagpapakitang ikaw ay mananatiling buhay hanggang sa susunod na taon, o kahit hanggang bukas? Ang nagdudulot sa iyo ng pagkabagot ay ang pagpapalagay na ikaw ay mabubuhay magpakailanman. Nagrereklamo ka na tila ikaw ay mananatili sa mundong ito para magpakasaya magpakailanman. Kung naunawaan mo na ang iyong buhay ay maikli at ito ay lumilisan nang walang bunga, paniguradong hindi magdudulot sa'yo ng pagkabagot, kungdi makakabuhay ng isang tunay na pagkasabik at katanggap-tanggap na kasiyahan ang paggugol ng isang oras mula sa dalawampu't apat sa isang mabuti, katanggap-tanggap, madali, at mahabaging paglilingkod na isang paraan para makamit ang tunay na kaligayahan sa buhay na walang hanggan.

## IKALAWANG BABALA

O, aking masibang kaluluwa! Araw-araw kumakain ka ng kanin, umiinom ng tubig, at lumalanghap ng hangin; sila ba ay nagdudulot sa'yo ng pagkabagot? Hindi, dahil paulit-ulit ang pangangailangan sa kanila, hindi pagkabagot ang naidudulot nila kungdi sarap. Kung ganoon, hindi dapat magdulot ng pagkabagot ang limang beses na pagdarasal, dahil inaakit nila ang mga pangangailangan ng iyong mga kasamahan sa bahay ng aking katawan, ang pagkain ng aking puso, ang tubig ng aking espirito, at ang hangin ng aking mga mahuhusay na kakayahan. Oo, sa pagkatok sa pamamagitan ng panalangin sa pinto ng Nag-iisang Lubos na Maawain at Dakila ay maaaring makuha ang kabuhayan at kalakasan para sa isang pusong nagdurusa sa walang katapusang pighati't kalungkutan at nabighani ng walang katapusang kaligayahan at pag-asa. At sa pagbaling sa bukal ng habag ng isang Walang Hanggang Minamahal sa pamamagitan ng limang beses na pagdarasal (*salah*) araw-araw ay maaaring mainom ang tubig ng buhay ng isang espirito na konektado sa karamihan ng nilalang na mabilis na lumilisan mula sa panandaliang mundong ito at umiiyak sa pagkakahiwalay. At bilang pinaka-nangangailangan ng hangin sa mapighati, mapanira, nakabalisa, panandalian, madilim at nakakasakal na mga kondisyon ng mundong ito, sa pamamagitan lamang ng bintana ng pagdarasal makakahinga ang isang gising na panloob

na pandama at isang maliwanag at mahusay na kakayahan, na likas na hinahangad ang buhay na walang hanggan at nilikha para sa walang hanggan at isang salamin ng Nag-iisang Umiiral Bago at Matapos ang Walang Hanggan at sukdulang maselan at mahusay.

## IKATLONG BABALA

O, aking walang pasensyang kaluluwa! May katuturan ba ang isipin ngayon ang mga nagdaang paghihirap sa pagsamba, mga kahirapan ng pagdarasal, at mga problema ng kasawian, at mabalisa, at ang isipin ang mga darating pa lang na tungkulin ng pagsamba, pagsasagawa ng *salah*, at mga pighati ng sakuna, at magpakita ng kawalan ng pagpapasensya? Sa iyong pagiging mapagwalang-pasensya, kahawig mo ang isang hangal na kumander na, kahit na ang kanang tagiliran ng kalaban ay sumanib na sa kanyang kanang tagiliran at naging bagong pwersa para sa kanya, nagpadala ng mahalagang pwersa sa kanyang kanan at pinahina ang gitna. Tapos, habang walang mga kalabang sundalo sa kaliwang tagiliran, nagpadala siya ng malaking pwersa roon, at inutusan sila na magpaputok. Walang pwersa tuloy ang nanatili sa gitna, at naintindihan ito ng kalaban at umatake dito at tinalo siya.

Oo, kahawig mo ito, sapagkat ang mga problema ng kahapon ay naging habag na ngayon; nawala na ang sakit habang nanatili ang kaligayahan. Naging biyaya na ang kahirapan, at naging gantimpala ang paghihirap. Kung gayon, hindi ka dapat makaramdam ng pagkabagot dito, bagkus ay lubhang magsikap na magpatuloy nang may bagong pagkasabik at sariwang sigasig. Ukol naman sa mga darating na araw, hindi pa sila dumarating, at ang isipin sila ngayon at makaramdam ng pagkabagot at pagkapagod ay kahibangan tulad ng pag-iisip ngayon ng darating na gutom at uhaw at magsimulang sumigaw at umiyak. Dahil ito ang katotohanan, kung ikaw ay may katwiran, iisipin mo lamang ang araw na ito ukol sa pagsamba, at sasabihin: “Ginugugol ko ang isang oras sa isang katanggap-tanggap, mainam, at mataas na uri ng paglilingkod, na ang gantimpala ay mataas at ang paghihirap ay maliit.” At ang iyong mapait na kalungkutan ay magiging matamis na pagpupunyagi.

O, aking walang pasensyang kaluluwa! Ikaw ay inatasang magkaroon ng tatlong uri ng pagtitiis. Isa ay pagtitiis sa pagsamba. Ang isa pa’y pagtitiis sa pag-iwas sa kasalanan. At

ang pangatlo ay pagtitiis sa harap ng kalamidad.<sup>2</sup> Kung ikaw ay matalino, kunin bilang gabay ang katotohanang malinaw na naipakita sa paghahambing dito sa Ikatlong Babala. Marangal na sabihin: “O, Pinakamatiisin!” at akuin ang tatlong klase ng pagtitiis. Kung hindi mo lulustayin sa maling paraan ang mga pwera sa pagtitiis na ibinigay ng Makapangyarihang Allah sa’yo, sila ay sapat na para makayanan ang bawat paghihirap at trahedyang. Kaya’t magtiis gamit ang mga pwera na ito!

## IKAAPAT NA BABALA

O, aking hangal na kaluluwa! Wala bang kahihinatnan ang tungkuling ito ng pagsamba, at ang kabayaran ba nito ay maliit kaya’t nagdudulot sa iyo ng pagkabagot? Samantalang kung may magbibigay sa iyo ng kaunting pera, o kung tatakutin ka, kaya ka niyang pag-trabahuin hanggang gabi, at ikaw ay magta-trabaho nang walang panghihina. Wala bang kahihinatnan ang mga *salah*, na dito sa mundo na bahay-panauhin ay pagkain at kayamanan para sa iyong pusong walang kakayahan at mahina, at sa iyong libingan na paniguradong magiging tirahan mo ay pagkain at ilaw, at sa Muling Pagkabuhay, kung saan ikaw naman ay hahatulan, ay isang dokumento at patente, at sa Tulay ng Sirat, kung saan ikaw ay dadaan, ay isang ilaw at isang sasakyan? Maliit lang ba ang kanilang kabayaran? May nangangako sa iyo ng regalo na nagkakahalaga ng sandaang piso at pinapagtrabaho ka ng sandaang araw. Pinagkakatiwalaan mo ang isang tao na maaaring bawiin ang kanyang pangako, at nagtatrabaho ka nang walang panghihina. Kaya kung ang Isa, na ang pagsira ng pangako ay imposible para sa Kanya, ay nangako ng kabayaran tulad ng Paraiso at isang regalo tulad ng walang hanggang kaligayahan, at pinagtrabaho ka sa maikling panahon para sa isang nakalulugod na tungkulin, kung hindi mo isasagawa ang paglilingkod na iyon, o kung kikilos ka nang may pag-aakusa sa Kanyang pangako o mamaliitin ang Kanyang regalo sa pamamagitan ng pagsasagawa nito nang labag sa iyong kagustuhan tulad ng isang pinagtrabaho nang sapilitan, o sa pamamagitan ng pagkabagot, o sa pagtatrabaho nang hindi lubos na isinasapuso, magiging karapat-dapat ka sa isang matinding pangaral at kasindak-sindak na parusa. Hindi mo ba ito naisip? Bagama’t ikaw ay naglilingkod nang walang humpay sa pinakamabigat na trabaho sa mundong ito dahil sa takot na

---

<sup>2</sup> Suyuti, al-Durar al-Muntathira, 46; Suyuti, al-Fath al-Kabir, ii, 200.

makulong, hindi ka ba napupuno ng sigasig para sa isang tunay na magaan at nakalulugod na uri ng paglilingkod dahil sa takot sa walang hanggang pagkakakulong gaya ng Impyerno?

## IKALIMANG BABALA

O, aking kaluluwang sumasamba sa mundo! Nagmumula ba ang iyong panghihina sa pagsamba at kapabayaan sa mga *salah* sa iyong iba't ibang klaseng trabaho dito sa mundo, o dahil hindi ka makahanap ng oras dahil sa pagsusumikap para sa iyong kabuhayan? Nilikha ka lamang ba para sa mundong ito at ginugugol mo ang lahat ng iyong oras para rito? Alam mo na batay sa iyong kakayahan ay nakaaangat ka sa lahat ng hayop, ngunit batay sa pagkuha ng mga pangangailangan para sa buhay sa mundong ito ay hindi mo kayang makipagpaligsahan kahit sa isang maya. Kaya bakit hindi mo maunawaan na ang iyong pangunahing tungkulin ay hindi ang magtrabaho na parang hayop, kungdi ang magsumikap para sa isang tunay at walang hanggang buhay gaya ng isang tunay na tao. Dagdag pa rito, karamihan ng mga bagay na tinatawag mong pangmundong trabaho ay walang kinalaman sa'yo, at mga walang halagang bagay na pinapakialaman mo nang may panghihimasok. Pinapabayaang mo ang mga pinakamahahalagang bagay at pinaparaan ang iyong oras na kumukuha ng mga kaalamang hindi naman mahalaga na tila mabubuhay ka ng sanlibong taon. Halimbawa, nilulustay mo ang iyong mahalagang oras sa mga walang kwentang bagay gaya ng ano kaya ang mga argolya ng Saturn o ilan kaya ang manok sa Amerika. Na tila ikaw ay nagiging dalubhasa sa astronomiya o istatistika.

Kung sasabihin mo: "Hindi mga walang kuwentang bagay tulad niyan ang humahadlang sa akin sa pagsa-*salah* at pagsamba at nagsasanhi na maging pabaya ako, kungdi mga mahahalagang bagay gaya ng pagkita ng kabuhayan," ang aking sagot ay ito: kung ikaw ay nagtatrabaho para sa arawang sweldo na sandaang sentimo, at may lumapit sa iyo at sinabi: "Halika at maghukay ka rito nang sampung minuto, at iyong makikita ang isang brilyante at isang esmeralda na nagkakahalaga ng isandaang piso." Kung sasagot ka: "Hindi ako pupunta kasi sampung sentimo ang mababawas sa aking sahod at mas magiging kaunti ang aking kabuhayan," siyempre mauunawaan mo kung anong kahangalang pagkukunwari ito. Sa ganito ring paraan, magtrabaho ka rito sa halamanan para sa (espirituwal na)

kabuhayan mo. Kung tatalikuran mo ang mga *salah*, lahat ng bunga ng iyong paghihirap ay malilimitahan lamang sa isang pangmundo, di-mahalaga at walang bungang kabuhayan. Ngunit kung gugugulin mo ang iyong libheng oras sa *salah*, na nagpapalwan sa iyong espirito at nagbibigay ng pahinga sa iyong puso, matutuklasan mo ang dalawang mina na mahalagang bukal para sa kapwa kumikitang kabuhayan sa mundong ito at kabuhayan at pantustos sa kabilang buhay.

Unang Mina: Sa pamamagitan ng marangal na intension (*ikhlas*), makakatanggap ka ng hati sa mga papuri at pagluwalhati na inaalay ng lahat ng mga halaman at punongkahoy na iyong inaalagaan sa hardin, mapa-namumulaklak o namumunga.<sup>3</sup>

Ikalawang Mina: Anuman ang kainin mula sa mga bunga ng hardin, ng mapa-hayop man o tao, mga baka o mga langaw, mamimili o magnanakaw, ito ay magiging parang pagbibigay mo ng limos (*sadaqah*).<sup>4</sup> Ngunit ito ay sa kondisyon na ikaw ay nagtatrabaho sa ngalan ng Tunay na Tagapagtustos at sa loob lamang ng Kanyang pinapahintulutan, at nakikita mo ang sarili mo bilang isang opisyal na tagapamigay ng Kanyang pag-aari sa Kanyang mga nilalang.

Kaya't tingnan kung gaano kalaking kawalan ang nagagawa ng isang tumatalikod sa mga *salah*. Kaylaking kayamanan ang nawawala sa kanya, at siya ay pinagkakaitan ng dalawang resulta na iyon at mga mina na kung tutuusi'y magpapasigasig sa kanya sa pagtatrabaho at magsisiguro na ang kanyang moral ay malakas; siya ay nalulugi. Higit pa, habang siya ay tumatanda, siya ay mababagot sa paghahardin at mawawalan ng interes dito, na sinasabi, "Ano ito sa akin? Lilisanin ko naman ang mundong ito, bakit ko kailangang pagtiyagaan ang ganito kalaking paghihirap?" Siya ay malulugmok sa katamaran. Ngunit sasabihin ng naunang lalaki: "Mas magpu-pursige ako sa pagsamba at sa mga pinahihintulutang gawain para makapagpadala pa ng mas maraming liwanag sa aking hukay at makakuha pa ng mas maraming pagkain para sa aking buhay na walang hanggan."

---

<sup>3</sup> Itong Unang Katayuan ay isang aral para sa isang tao na nasa isang hardin, kaya ito ay ipinaliwanag sa ganitong paraan.

<sup>4</sup> Bukhari, iii, 135; Muslim, ii, 1189; Ibn Hibban, v, 152; Musnad, iii, 184, 191.

Sa Madaling Salita: O, aking kaluluwa! Alamin na iniwan ka na ng kahapon, at ukol naman sa bukas, wala kang patunay na ito ay magiging sa'yo. Kung gayon, alamin na ang iyong tunay na buhay ay ang kasalukuyang araw. Kaya itapon kahit isa lamang sa mga oras nito sa *masjid* o sa *sajada* (o *karpet*), isang kaban para sa kabilang buhay na gaya ng isang pondong itinabi para sa tunay na kinabukasan. Alamin din na para sa'yo at para sa bawat isa, ang bawat bagong araw ay pinto tungo sa bagong mundo. Kung hindi mo isasagawa ang mga *salah*, ang iyong mundo sa araw na iyon ay lilisan nang madilim at kahabag-habag, at sasaksi laban sa iyo sa Mundo ng Mga Talinghaga. Dahil ang bawat isa, bawat araw, ay may pribadong mundo mula sa mundong ito, at ang likas nito ay nakasalalay sa puso't gawa ng tao. Tulad ng kung papaano nakukuha ng isang maningning na palasyo, na naaaninag sa isang salamin, ang kulay ng salamin: kung ang salamin ay itim, magmumukhang itim ang palasyo; kung ito'y pula, magmumukha itong pula. Kinukuha din nito ang mga katangian ng salamin; kung makinis ang salamin, naipapakita nitong maganda ang palasyo, at kung ito'y hindi, naipapakita nitong pangit ang palasyo. Tulad ng pagpapakita nito sa mga pinakapinong bagay na tila magaspang, binabago mo rin ang hugis ng iyong mundo sa pamamagitan ng iyong puso, isip, gawa, at mga kahilingan. Maaari mo itong pasaksihin para sa'yo o laban sa'yo. Kung isasagawa mo ang limang beses na *salah* araw-araw, at sa pamamagitan nila ay napapabaling ka sa Maluwalhating Tagapaglikha ng mundo, ang mundo mo, na nakatutok sa iyo, ay biglang magliliwanag. Sa madaling sabi, ang mga *salah* ay tila ang de-kuryenteng lampara at ang iyong intensyon na isagawa sila ang tumatama sa pindutan, at hinahawi nila ang kadiliman ng mundo at ipinapakita ang mga pagbabago at paggalaw sa loob ng nalilitong pagkaaba ng pangmundong kaguluhan na tila isang matalino't may layuning kaayusan at isang makabuluhang kasulatan ng Banal na kapangyarihan. Isinasabog nila ang isang liwanag ng bersikulong puno ng liwanag,

اللَّهُ نُورُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ

*Ang Allah ang Liwanag ng Kalangitan at ng Mundo<sup>5</sup>*

sa iyong puso, at ang iyong mundo sa araw na iyon ay naliliwanagan sa pamamagitan ng aninag ng liwanag. Isasanhi

---

<sup>5</sup> Qur'an, 24:35.

nito na sumaksi nang pabor sa iyo sa pamamagitan ng kakinangan nito.

Babala, huwag mong sabihin: “Ano ang aking mga *salah* kumpara sa realidad ng mga pagdarasal?”, dahil tulad ng paglalarawan ng punla ng isang palma ng datiles sa buong-gulang na puno, ang iyong mga *salah* ay naglalarawan sa iyong puno. Ang pagkakaiba lamang ay nasa buod at mga detalye; tulad ng mga *salah* ng isang dakilang *wali*’ (malapit na kaibigan ng Allah, isang mabuting Muslim na laging iniisip ang Allah sa isip, salita at gawa at nabubuhay ayon sa Qur’an at *sunnah* [pamamaraan ng pamumuhay ng pinagpalang Propeta Muhammad]), ang mga *salah* ng mga ordinaryong tao tulad ko o tulad mo, kahit na hindi nila batid, ay may hati sa liwanag na iyon. May misteryo sa katotohanang ito, kahit na hindi ito maunawaan ng may malay na pag-iisip...ngunit ang paglaladlad at pagbibigay-liwanag ay nag-iiba batay sa antas ng mga nagsasagawa sa kanila. Tulad ng pagkakaroon ng maraming yugto at antas mula sa punla ng palma ng datiles hanggang sa buong-gulang na puno, ang mga antas ng *salah* at ang kanilang mga yugto ay mas higit pang nakararami. Ngunit ang pinakadiwa ng makinang na katotohanan na iyon ay naroroon sa lahat ng antas.

اللَّهُمَّ صَلِّ وَسَلِّمْ عَلَى مَنْ قَالَ الصَّلَاةُ عِمَادُ الدِّينِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ

*O, Allah! Pagkalooban Niyo ng pagpapala at kapayapaan ang nagsabi ng: “Ang limang beses na salah araw-araw ang haligi ng relihiyon,”<sup>6</sup> at ang lahat ng kanyang pamilya at mga kasama.*

## **PAG-UNAWA’T PAGTANGGAP SA KATOTOHANAN NG KAMATAYAN**

Madalas sa ating mga tahanan o maging sa lipunan sa pangkalahatan, mas madaling iwasan kaysa pag-usapan at intindihiing mabuti ang katotohanan ng kamatayan. Ngunit, kung iisipin natin, normal lang dapat ito at kung tutuusin ay dapat ngang napapag-usapan para makapagtanda.

---

<sup>6</sup> Tirmidhi, Iman, 8; Ibn Maja, Fitan, 12; Musnad, v, 231, 237; al-Mustadrak, ii, 76.

Balikan natin ang kauna-unahang bersikulo na ibinahagi namin sa munting aklat na ito:

*Ang buhay sa mundong ito'y isa lamang pampalipas-oras at isang laro. Katotohanan, ang Tahanan ng Kabilang Buhay - iyan talaga ang Buhay, kung kanila lamang alam.*

Banal na Qur'an, Al-Ankabut (29:64)

Isa itong magandang paalala sa ating lahat: lilisan tayo sa mundong ito hindi para mawala na lang na parang bula kungdi para magtungo sa ating buhay na walang hanggan.

Sinabi nga ni Ustad Bediuzzaman Said Nursi:

**...ang kamatayan ay isang paglabas mula sa mga tungkulin ng buhay; ito ay isang pahinga, isang pagbabago ng tirahan, isang pagbabago ng pag-iral; ito ay isang paanyaya sa buhay na walang hanggan, isang simula, ang pagpapakilala sa isang walang kamatayang buhay. Kung paanong ang buhay ay pumapasok sa mundo sa pamamagitan ng isang gawa ng paglikha at itinalaga't tinukoy, gayon din ang pag-alis sa mundo ay nilikha't tinukoy, at may karunungan at layuning naip plano.** Ipinapakita ng mga paraan ng pagkamatay ng mga halaman, ang buhay ng halaman bilang pinakasimpleng antas ng buhay, na ang kanilang kamatayan ay isang mas maayos na gawain ng sining kaysa sa buhay. Dahil kahit na ang pagkamatay ng mga prutas, buto, at butil ay tila nangyayari sa pamamagitan ng kanilang pagkabulok at pagkalusaw, sa katunayan ito ay isang uri ng pagmamasa na binubuo ng napakahusay na isinaayos na mga kemikal na reaksiyon at isang balanseng pagsasama-sama ng mga elemento at matalinong pagbubuo ng mga katiting; ang kanilang di-nakikita, maayos at matalinong pagkamatay ay nakikita sa buhay ng mga bagong usbong. Ibig sabihin, ang kamatayan ng binhi ay simula ng buhay ng usbong. Sa katunayan,



dahil ang kamatayan nito ay tulad ng buhay mismo, nilikha ito at regular na katulad ng buhay.

Higit pa rito, ang pagkamatay ng mga nabubuhay na prutas o ng mga hayop sa tiyan ng tao ay ang simula ng kanilang pagtaas sa antas ng buhay ng tao; kaya't masasabi na dahil ganito ito, ang kanilang kamatayan ay mas maayos at nilikha kaysa sa kanilang buhay.

Kung ang kamatayan ng mga halaman, na pinakamababang antas ng buhay, ay nilikha, may karunungan, at isinaayos sa paraang iyon, ang pagkamatay na dumarating sa buhay ng tao, na siyang pinakamataas na antas ng buhay, ay malamang pareho. Katulad ng pagiging puno sa mundo ng hangin ng isang binhi na ihinasi sa lupa, ang isang taong inilatag sa lupa ay tiyak na magbubunga ng mga usbong ng isang buhay na walang hanggan sa Barzakh (Panggitnang Kaharian kung saan napupunta ang mga namatay habang naghihintay sa Muling Pagkabuhay).

[Letters]

Dahil ito ang katotohanan, at dahil tayo ang pinakamataas ang antas sa mga nilikha ng Allah, mas makabubuting paghandaan natin ang pagbabalik natin sa Kanya gamit ang katalinuhan at kakayahang ibinigay Niya, in shaa Allah. Huwag ding isipin na mas nakakalamang ang iba sa atin dahil ng kung anumang meron sila sa mundong ito. Tandaan na sinabi rin ng Allah sa Banal na Qur'an,

*Ang kayamanan at mga anak ay palamuti lamang sa makamundong buhay. Ngunit ang hindi lumilipas na mabubuting gawain ay mas mainam sa inyong Panginoon para sa gantimpala at mas mainam na pag-asa.*

Banal na Qur'an, Al-Kahf (18:48)

Kaya't ating tutukan ang paggawa ng kabutihan sa ngalan ng Allah. Magtiis at manampalataya na makakamit natin ang mga gantimpalang ipinangako Niya. Marami mang pagsubok sa mundong ito, in shaa Allah ay makakaranas tayo ng napakalaking kaginhawaan sa kabilang buhay.

## PATULOY NA PAGPAPALALIM AT PAGPAPATIBAY NG PANANAMPALATAYA

Naiulat na sinabi ni ‘Abdullah ibn ‘Amr ibn al-‘Aas: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): “Ipapatawag ng Allah ang isang lalaki mula sa aking komunidad sa harap ng lahat ng nilikha at ilalatag sa harap niya ang siyamnapu’t siyam na kasulatan (na naglalaman ng tala ng kanyang mga masasamang gawain), na ang bawat isa’y umaabot sa layong kayang tanawin ng mata. Tapos sasabihin Niya, ‘Tumututol ka ba sa kahit isang nakatala rito? Nagkamali ba sa iyo ang aking mga tagapagsulat?’ Sasabihin niya, ‘Hindi po, aking Panginoon.’ Tatanungin siya (ng Allah), ‘Mayroon ka bang pagdi-dispensa?’ Sasabihin niya, ‘Wala po, aking Panginoon.’ Sasabihin ng Allah, ‘Sa kabilang banda, mayroon kang isang mabuting gawain na naririto sa Amin, at hindi magkakamali sa iyo sa Araw na ito.’ Isang kapisang papel ang ilalabas, kung saan nakasulat ang mga salitang *‘Ashhadu an laa ilaaha illAllah wa ashhadu anna Muhammadan ‘abduhu wa rasooluhu* (Ako’y nagpapatotoo na walang diyos kungdi ang Allah, at ako’y nagpapatotoo na si Muhammad ay Kanyang alipin at Kanyang sugo.’ Sasabihin ng Allah, ‘Dalhin mo ang iyong timbangan.’ Sasabihin ng lalaki, ‘O Panginoon, ano ang kapisang papel na ito kumpara sa mga kasulatang ito?’ At sasagot Siya, ‘Hindi ka magagawan ng mali.’ Ang mga kasulatan ay ilalagay sa isang bahagi ng Timbangan at ang kapisang papel naman sa kabila, at ang mga kasulatan ay lalabas na magaan at ang kapisang papel ang mabigat, dahil walang maihahambing sa timbang ng pangalan ng Allah.”

[Ahmad; Tirmidhi]

Ang nabanggit na hadith ay isang magandang paalala ng kahalagahan ng matibay na pananampalataya sa Allah. Dumating man sa punto ng buhay natin na hindi na tayo makakilos o makabangon sa kama dahil sa ating karamdaman, nawa'y alalahanin natin kung gaano kabigat at kahalaga ng pananampalataya sa Allah. Kung iisipin ding mabuti, ang kahalagahan nito'y hindi lamang para sa kabilang buhay. Katunayan, ang pananampalataya sa Allah ang lubos na nagbibigay ng lakas ng loob at pag-asa sa atin lalo na sa panahon ng pagsubok. Ito ang nagpapaalala sa atin na sa bawat paghihirap ay may ginhawa, Alhamdulillah.

*La ilaha illAllah.* Sambitin ito nang paulit-ulit. Unawain at isapuso ang ibig sabihin nito. Walang diyos kungdi ang Allah. Walang ibang mas mahalaga pa kaysa sa Kanya.

Sauluhin, isapuso at paulit-ulit na sambitin din natin ito:

*La ilaha illAllah, Wahdahu la sharika lahu, lahul-Mulk, wa lahul-Hamd, yuhyiyy wa yumit, wa Huwa Hayyun la yamut, bi Yadihil-Khayr wa Huwa 'ala kulli shay'in Qadir wa ilayhi'l masir*

Walang diyos kungdi ang Allah, Siya'y Nag-iisa, Siya'y walang katambal; sa Kanya ang dakilang kapangyarihan, at sa Kanya ang papuri; Tanging Siya ang nagbibigay ng buhay, at nagbibigay ng kamatayan, at Siya'y buhay at hindi namamatay; ang lahat ng kabutihan ay nasa Kanyang kamay, Siya'y makapangyarihan sa lahat ng bagay, at sa Kanya ang lahat ng bagay ay may hangganan.

## Ukol sa Pananampalataya

### Mula sa *Risale-i Nur* ni Bediuzzaman Said Nursi

Maging tiyak ukol dito, na ang pinakamataas na layunin ng nilalang at ang pinakamahalagang resulta nito ay ang pananampalataya sa Allah. Ang pinakamarangal na ranggo sa sangkatauhan at pinakamataas na antas nito ay ang kaalaman ukol sa Allah na nakapaloob sa pananampalataya sa Allah. Ang pinakamakinang na kasiyahan at pinakamatamis na pagpapala para sa jinn at mga tao ay ang pagmamahal sa Allah na nakapaloob sa kaalaman ukol sa Allah. At ang pinakadalisay na kaligayahan para sa espirito ng tao at ang lubos na kagalakan para sa puso ng tao ay ang masidhing pagkalugod ng espirito na nakapaloob sa pagmamahal sa Allah. Oo, ang lahat ng tunay na kasiyahan, dalisay na kaligayahan, matatamis na pagpapala, at walang alinlangang kagalakan ay nakasalalay sa kaalaman ukol sa Allah at pagmamahal sa Allah; hindi sila maaaring umiral kung wala ang mga ito.

Ang taong kilala at mahal ang Makapangyarihang Allah ay maaaring tumanggap ng walang katapusang mga pagpapala, kasiyahan, liwanag, at mga misteryo. Samantalang ang isa na hindi tunay na nakikilala't minamahal ang Allah ay espirituwal at materyal na dinadapuan ng walang hanggang paghihirap, sakit, at takot. Kahit na pagmamay-ari pa ng isang miserable at walang kakayahang tao ang buong mundo, wala itong halaga sa kanya, dahil sa kanya'y tila nabubuhay siya ng isang walang bungang buhay sa gitna ng palaboy na sangkatauhan sa isang ubod ng samang mundo na walang nagmamay-ari o tagapagtanggol. Maaaring maintindihan ng lahat kung gaano ka-panglaw at ka-lito ang tao sa gitna ng walang layuning sangkatauhan sa nakalilito't panandaliang mundong ito kung hindi niya kilala ang Nagmamay-ari sa kanya, kung hindi niya matuklasan ang kanyang Panginoon. Ngunit kung kanyang matutuklasan at makikilala Siya, siya'y magpapakanlong sa Kanyang habag at aasa sa Kanyang kapangyarihan. Ang mapanglaw na mundo ay magiging isang

lugar ng kasiyahan at galak, ito'y magiging isang lugar ng pangangalakal para sa kabilang buhay.

*La ilaha illAllah, Wahdahu la sharika lahu, lahul-Mulk, wa lahul-Hamd, yuhyiyy wa yumit, wa Huwa Hayyun la yamut, bi Yadihil-Khayr wa Huwa 'ala kulli shay'in Qadir wa ilayhi'l masir*

(Walang diyos kungdi ang Allah, Siya'y Nag-iisa, Siya'y walang katambal; sa Kanya ang dakilang kapangyarihan, at sa Kanya ang papuri; Tanging Siya ang nagbibigay ng buhay, at nagbibigay ng kamatayan, at Siya'y buhay at hindi namamatay; ang lahat ng kabutihan ay nasa Kanyang kamay, Siya'y makapangyarihan sa lahat ng bagay, at sa Kanya ang lahat ng bagay ay may hangganan)

Ang bawat isa sa labing-isang nabanggit na pangungusap sa itaas na kumukumpirma sa banal na kaisahan ay naglalaman ng ilang mabuting balita. At sa loob ng mabuting balita ay may lunas, habang sa bawat lunas na iyon ay mahahanap ang isang espirituwal na kagalakan.

### **Unang pangungusap: *La ilaha illAllah* (Walang diyos kungdi ang Allah)**

Ipinababatid ng pangungusap na ito ang sumusunod na mabuting balita sa espirito ng tao, na nagdurusa sa di-mabilang na pangangailangan at pag-atake ng di-mabilang na kalaban. Sa isang banda ang espirito ay nakakahanap ng isang lugar na mapagkakanlungan, isang mapagkukunan ng tulong, kung saan binubuksan para rito ang isang pintuan ng isang kabang-yaman ng habag na magagarantiyahan ang lahat ng mga pangangailangan nito. Habang sa kabilang dako ay nakakahanap ito ng suporta at mapagkukunan ng lakas, dahil ipinapakilala ng pangungusap na ito ang Tagapaglikha nito at Tunay na

Pinaglalaanan ng Pagsamba, na nagtataglay ng ganap na kapangyarihan upang mailigtas ito mula sa kasamaan ng lahat ng mga kaaway nito; ipinapakita nito ang panginoon nito, at kung sino siya na nagmamay-ari rito. Sa pamamagitan ng pagtuturo nito, ang pangungusap na ito'y nagliligtas sa puso mula sa lubos na pagkawasak at sa espirito mula sa napakasakit na kalungkutan; tinitiyak nito ang walang hanggang kagalakan, isang walang hanggang kaligayahan.

### **Ikalawang pangungusap: *Wahdahu* (Siya'y Nag-iisa)**

Inilalahad ng pangungusap na ito ang sumusunod na mabuting balita, na kapwa nakakagaling at isang mapagkukunan ng kaligayahan:

Ang espirito at puso ng tao, na nauugnay sa karamihan ng mga nilalang sa sansinukob at halos mapuspos sa paghihirap at pagkalito dahil sa ugnayang ito, ay nakakahanap sa pangungusap na "Siya'y Nag-iisa" ng isang kanlungan at tagapagtanggol na magliligtas sa kanila mula sa lahat ng pagkalito at pagkalungkot.

Ibig sabihin, tila sinasabi ng "Siya'y Nag-iisa" sa tao: Ang Diyos ay Iisa. Huwag pagurin ang iyong sarili sa paghahanap na kanlungan sa iba pang mga bagay; huwag mong ibaba ang iyong sarili at huwag makaramdam ng utang na loob sa kanila; huwag pakapurihin ang mga ito at maglangis sa kanila at ipahiya ang iyong sarili; huwag sundin ang mga ito at gawing mahirap ang mga bagay-bagay para sa iyong sarili; huwag matakot sa kanila at manginig sa harap nila; dahil ang Hari ng sansinukob ay Nag-iisa, ang susi sa lahat ng mga bagay ay nasa Kanya, ang kapangyarihan sa lahat ng mga bagay ay nasa Kanyang kamay, ang lahat ay malulutas ng Kanyang utos. Kung mahanap mo Siya, maliligtas ka mula sa walang katapusang pagkakautang, di-mabilang na takot.

**Ikatlong pangungusap: *La sharika lahu* (Siya'y walang katambal)**

Tulad ng sa Kanyang pagka-diyos at sa Kanyang dakilang kapangyarihan ang Allah ay walang katambal, Siya ay Nag-iisa at hindi maaaring maging marami; sa gayon din ay wala Siyang katambal sa Kanyang pagka-panginoon at sa Kanyang mga gawa at sa Kanyang paglikha. Minsan nangyayari na ang isang hari ay isa, walang katambal sa kanyang kapangyarihan, ngunit sa pagpapatupad ng kanyang mga gawain ang mga opisyal ay kumikilos bilang kanyang mga katambal; pinipigilan nila ang bawat isa na pumasok sa kanyang harapan, na nagsasabing: "Lumapit sa amin!"

Ngunit, ang Makapangyarihang Allah, ang Hari Bago Pa Man at Matapos Man ang Walang Hanggan, ay walang katambal sa Kanyang dakilang kapangyarihan, tulad ng kawalan Niya ng pangangailangan ng mga katambal o katulong sa pagpapatupad ng Kanyang pagka-panginoon.

Kung hindi dahil sa Kanyang utos at kalooban (*will*), sa Kanyang lakas at kapangyarihan, walang bagay ang maaaring makagambala sa iba pa. Ang bawat isa'y maaaring direktang dumulog sa Kanya. Dahil Siya ay walang katambal o katulong, walang sinumang naghahanap ng makakanlungan ang masasabihan ng: "Huminto ka! Ipinagbabawal na pumasok sa Kanyang presensya!"

Ang pangungusap na ito, samakatuwid, ay naghahatid ng mga sumusunod na maligayang balita sa espirito ng tao: ang espirito ng tao na nakamit ang pananampalataya ay maaaring pumasok, nang walang pag-iwas o paghadlang, pagsalungat o panghihimasok, sa anumang kalagayan, para sa anumang ninanais, sa anumang oras at sa anumang lugar, sa harap ng Lubos na Maganda't Nag-iisang Kaluwalhatian, ang Nag-iisang



may kapangyarihan at kaganapan, na Siyang May-ari Bago Pa Man at Matapos Man ang Walang Hanggan ng mga kabang-yaman ng habag, mga kabang-yaman ng kaligayahan, at maaaring ihain nito (espirito ng tao) ang mga pangangailangan nito. Sa pagtuklas sa Kanyang awa at sa pag-asa sa Kanyang kapangyarihan, makakahanap ito ng ganap na ginhawa at kaligayahan.

### **Ikaapat na pangungusap: *Lahul Mulk* (Sa Kanya ang dakilang kapangyarihan)**

Ibig sabihin, ang pagmamay-ari ay Kanya sa kabuuan. Ukol naman sa iyo, ikaw ay kapwa Kanyang ari-arian, pag-aari ka Niya, at nagtatrabaho ka sa Kanyang ari-arian. Inilalahad ng pangungusap na ito ang sumusunod na masaya't nakapagpapagaling na balita:

O, tao! Huwag ipagpalagay na pagmamay-ari mo ang iyong sarili, sapagkat wala kang kontrol sa alinman sa mga bagay na may kinalaman sa iyo; ang ganitong pasanin ay magiging mabigat. Gayundin, hindi mo kayang protektahan ang iyong sarili, iwasan ang mga sakuna, o gawin ang mga bagay na dapat. Kung kaya't huwag magdusa ng sakit at paghihirap ng kalooban nang walang dahilan, ang pagmamay-ari ay sa iba. Ang May-ari ay kapwa Makapangyarihan at Mahabagin; umasa sa Kanyang kapangyarihan at huwag magsagawa ng paninirang-puri sa Kanyang habag! Iwanan mo ang pagdadalamhati, maging masaya! Itapon ang iyong mga problema at maghanap ng katahimikan!

Sinasabi din nito: Mahal mo at nauugnay ka sa sansinukob, na pag-aari ng Lubos na Makapangyarihan at Nag-iisang Mahabagin, ngunit kahit na pinagdadalamhati ka nito sa kasamaan nito, hindi mo magagawang itama ito. Kaya ibigay ang ari-arian sa May-ari nito, iwanan ito sa Kanya. Palapitin ang Kanyang kasiyahan, hindi ang Kanyang kalupitan. Siya ay kapwa Lubos na Marunong at Lubos na Mahabagin. Mayroon Siyang

malayang pagsasaayos sa Kanyang ari-arian at pinangangasiwaan ito ayon sa nais Niya. Tuwing natatakot ka, sabihin tulad ni Ibrahim Hakkı: "Tingnan natin kung ano ang ginagawa ng Panginoon; anuman ang gawin Niya, ito ang pinakamabuti;" unawain ito nang lubusan at huwag makialam!

### **Ikalimang pangungusap: *wa la hul Hamd* (At sa Kanya ang papuri)**

Ang papuri, parangal, at pagbubunyi ay nararapat sa Kanya, naaangkop sa Kanya. Ibig sabihin, ang mga biyaya ay Kanya; sila ay nagmula sa Kanyang kaban. At tungkol sa kaban, ito ay walang katapusan. Ang pangungusap na ito, samakatuwid, ay naghahatid ng mga sumusunod na mabuting balita:

O, tao! Huwag magdusa't mag-dalamhati kapag ang mga biyaya ay tumigil, sapagkat ang kabang-yaman ng habag ay hindi nauubos. Huwag isipin ang lumilipas na kalikasan ng kasiyahan at sumigaw nang may kalungkutan, sapagkat ang bunga ng biyaya ay bunga ng isang walang hanggang habag. Dahil ang puno nito ay hindi namamatay, kapag ang prutas ay naubos ito ay napapalitan ng higit pa. Kung mapagpasalamat mong iniisip ang pagkakaroon sa loob ng kasiyahan sa biyaya ng isang mahabaging pabor na isang daang beses na mas kasiya-siya, magagawa mong dagdagan ang kasiyahan ng isang daang beses.

Ang isang mansanas ng isang kapita-pitagang hari ay naghahatid sa iyo ng isang kasiyahan na higit sa isang daang, sa katunayan isang libong, mansanas, sapagkat siya ang nagbigay nito sa iyo at naranasan mo ang kasiyahan ng isang maharlikang pabor. Gayundin, sa pamamagitan ng pangungusap na "Sa Kanya ang papuri" ay mabubuksan sa iyo ang pintuan ng isang espirituwal na kasiyahan na isang libong beses na mas matamis kaysa sa biyaya mismo.

Dahil ang pangungusap na ito ay nangangahulugang maghandog ng papuri at pasasalamat; ibig sabihin, makita ang pagkakaloob ng biyaya. Ito naman ay nangangahulugang makilala ang Tagapagbigay, na ibig sabihin ay pag-isipan ang pagkakaloob ng biyaya, at sa wakas ay pag-isipan ang pabor sa Kanyang habag at ang Kanyang patuloy na pagbibigay ng mga biyaya.

**Ikaanim na pangungusap: *Yuhyi* (Tanging Siya ang nagbibigay ng buhay)**

Ibig sabihin, Siya ang nagbibigay ng buhay. At Siya ang nagdudulot na magpatuloy ang buhay sa pamamagitan ng kabuhayan. Siya rin ang nagbibigay ng mga pangangailangan sa buhay. At sa Kanya nauukol ang mararangal na layunin ng buhay at nakatutok ang mahahalagang resulta nito, at sa Kanya ang siyamnapu't siyam sa isang daang bunga nito. Samakatuwid, ang pangungusap na ito'y tumatawag sa ganitong paraan sa lumilipas, walang kakayahang tao, at inilalahad nito ang masayang balitang ito:

O, tao! Huwag pahirapan ang iyong sarili sa pagbuno ng mabibigat na pasanin ng buhay. Huwag isipin ang paglipas ng buhay at simulang mag-dalamhati. Huwag makita lamang ang makamundo at hindi mahalagang mga bunga nito at ikalungkot na naparito ka sa mundong ito. Dahil ang makina ng buhay sa barko ng iyong pagkatao ay pag-aari ng isang Nabubuhay Magpakailaman at Nag-iisang May Sariling Kasapatan, at Siya ang nagbibigay ng lahat ng mga gastusin at mga kinakailangan nito. Gayundin, ang iyong buhay ay napakaraming mga layunin at mga resulta, at ang mga ito'y may kinalaman din sa Kanya.

Ukol naman sa iyo, ikaw lamang ay isang piloto sa barko, kaya gawin ang iyong tungkulin nang maayos at kunin ang sahod at kasiyahan na kasama nito. Isipin kung gaano kahalaga ang barko ng buhay at kung gaano kahalaga ang mga pakinabang nito; pagkatapos ay isipin kung gaano ka-Mapagbigay at ka-Mahabagin ang May-ari ng barko. Kaya't magdiwang at

magpasalamat at alamin na kapag ginampanan mo ang iyong tungkulin nang may integridad, ang lahat ng mga resulta na ibinibigay ng barko ay sa isang banda malilipat sa talaan ng iyong mga gawain, na magbibigay sila ng isang walang kamatayang buhay para sa iyo, magbibigay sa iyo ng walang hanggang buhay.

**Ikapitong pangungusap: *wa Yumit* (at nagbibigay ng kamatayan)**

Siya ang nagdudulot ng kamatayan. Inilalabas ka Niya mula sa tungkulin ng buhay, binabago ang iyong tirahan mula sa pansamantalang mundong ito, at pinapakawalan ka mula sa paggawa ng serbisyo. Iyon ay, kinukuha ka Niya mula sa isang lumilipas na buhay patungo sa isang walang kamatayan. Kung gayon, isinisigaw ng pangungusap na ito ang sumusunod sa panandaliang *jinn* at tao:

Narito ang mabuting balita para sa iyo! Ang kamatayan ay hindi pagkawasak o kawalan, o pagkalipol; hindi ito pagtigil o pagkawala; hindi ito walang hanggang paghihiwalay, o di pag-iral, o nagkataong kaganapan lang; hindi ito walang akdang pagwawasak. Sa halip, ito ay ang palabasin ng May-akda na Lubos na Marunong at Lubos na Maawain; ito ay isang pagbabago ng tirahan. Ito ay ang ipadala sa walang hanggang kaligayahan, sa iyong tunay na tahanan. Ito ang pintuan ng pagsasama sa *Barzakh* (Panggithang Kaharian kung saan napupunta ang mga namatay habang naghihintay sa Muling Pagkabuhay), kung saan makakatagpo mo ang siyamnapu't siyam na porsyento ng iyong mga kaibigan.

**Ikawalong pangungusap: *wa Hayyun la yamut* (at Siya'y buhay at hindi namamatay)**

Ibig sabihin, ang Nagmamay-ari ng isang kagandahan, kaganapan, at kagandahang-loob na walang hanggang nakalalamang sa kagandahan, kaganapan, at kagandahang-loob na makikita sa mga nilikha sa sansinukob, at na pumupukaw sa

pagmamahal; at isang Walang Hanggang Pinaglalaanan ng Pagsamba, isang Walang Hanggang Minamahal, na ang isang pagpapahayag ng Kanyang kagandahan ay sapat na upang mapalitan ang lahat ng iba pang mga minamahal, ay may isang walang katapusang buhay bago pa man at matapos man ang walang hanggan--isang buhay na malaya sa anumang bakas ng pagtigil o paglipas at labas sa anumang pagkakamali, kakulangan, o kapintasan. Samakatuwid, ipinapahayag ng pangungusap na ito sa *jinn* at tao, sa lahat ng nilalang na may kamalayan, at sa mga tao ng pagmamahal at kataimtiman:

Narito ang mabuting balita para sa iyo! May umiiral na isang Walang Hanggang Minamahal na magpapagaling at magbibigkis sa mga sugat na dulot sa iyo ng di-mabilang na mga pagkakahiwalay mula sa mga taong minamahal mo. Dahil Siya ay umiiral at hindi namamatay, anuman ang mangyari ay huwag mabahala ukol sa iba. Higit pa rito, ang kagandahan at pagkamapagkaloob, kabutihan at kaganapan na makikita sa kanila, na sanhi ng iyong pagmamahal, ay mga anino ng pinakamaputla sa mga anino, na dumadaan sa maraming lambong, ng pagpapahayag ng hindi nagmamaliw na kagandahan ng Hindi Nagmamaliw na Minamahal. Huwag mag-dalamhati sa kanilang pagkawala, sapagkat ang mga ito ay isang uri ng salamin. Ang pagbabago ng mga salamin ay nagpapanibago at nagpapasigla sa pagpapahayag ng ningning ng Kagandahan. Dahil Siya ay umiiral, ang lahat ay umiiral.

**Ikasiyam na pangungusap: *bi Yadihil-khayr* (ang lahat ng kabutihan ay nasa Kanyang kamay)**

Ang bawat mabuting gawain na isinasagawa mo ay inililipat sa Kanyang talaan. Ang bawat matuwid na gawa mo ay naitala sa Kanya. Samakatuwid, ang pangungusap na ito ay tumatawag sa *jinn* at tao na may sumusunod na mabuting balita:

O, mga kahabag-habag! Kapag naglakbay kayo sa libingan ay huwag sumigaw sa kawalan ng pag-asa ng, "Naku! Ang lahat ng

pag-aari natin ay nawasak, lahat ng ating pagsisikap ay nasayang; iniwan natin ang magandang malawak na lupa at pumasok sa makitid na libingan,” dahil ang lahat ng inyo ay napanatili, ang lahat ng inyong mga ginawa ay nakasulat, ang bawat paglilingkod na inyong isinagawa ay naitala. Gagantimpalaan ang inyong paglilingkod ng isang Nag-iisang Kaluwalhatian na Siyang mayhawak ng lahat ng kabutihan at na kayang ipatupad ang lahat ng kabutihan: sa pagpapalapit Niya sa inyo sa Kanyang Sarili, pansamantalang patitigilin lamang Niya kayo sa ilalim ng lupa. Kalaunan, dadalhin Niya kayo sa Kanyang presensya. Anong kaligayahan para sa inyo na nakumpleto ang paglilingkod at tungkulin; tapos na ang inyong trabaho, lumilisan na kayo para sa kaginhawaan at habag! Tapos na ang paglilingkod at trabaho, tatanggapin mo ang inyong sahod!

Ang Nag-iisang Lubos na Makapangyarihan ay nagpapanatili sa mga buto at butil, na siyang mga pahina ng rehistro ng mga gawa ng huling tagsibol at mga kahon ng deposito ng mga serbisyo nito, at naglalathala sa kanila sa sumusunod na tagsibol sa isang kumikinang na paraan, sa katunayan, sa isang paraan na isang daang beses na mas masagana kaysa sa mga pinanggalingan. Ang mga resulta ng inyong buhay ay pinapanatili Niya sa parehong paraan, at gagantimpalaan ang inyong paglilingkod sa isang tunay na masaganang paraan.

### **Ikasampung pangungusap: *wa Huwa 'ala kulli shay'in Qadir* (Siya'y makapangyarihan sa lahat ng bagay)**

Siya'y Nag-iisa, Siya'y Natatangi, Siya'y may kapangyarihan sa lahat ng bagay. Walang anumang mahirap para sa Kanya. Ang paglikha ng tagsibol ay kasing-dali ng paglikha ng isang bulaklak para sa Kanya, at nililikha Niya ang Paraiso nang kasing-daling paglikha Niya sa tagsibol. Ang di-mabilang na mga bagay na patuloy Niyang nililikha sa bawat araw, bawat taon, bawat siglo, ay sumasaksi gamit ang walang bilang na mga wika sa Kanyang walang hanggang kapangyarihan. Samakatuwid, ang pangungusap na ito ay naghahatid ng mabuting balita:

O, tao! Ang paglilingkod na iyong inihandog at ang pagsamba na iyong isinagawa ay hindi para sa wala. Isang kaharian ng gantimpala, isang tahanan ng kaligayahan, ay inihanda para sa iyo. Isang walang hanggang Paraiso ang naghihintay sa iyo kapalit ng iyong lumilipas na mundo. Magkaroon ng pananampalataya at tiwala sa pangako ng Maluwalhating Tagapaglikha na kilala mo at na iyong sinasamba, sapagkat imposible para sa Kanya na sumira sa Kanyang pangako. Ganap na walang anumang kakulangan sa Kanyang kapangyarihan; hindi kayang hadlangan ng kawalan ng kakayahan ang Kanyang mga gawa. Kung paanong Siya ang lumilikha ng iyong maliit na hardin, kaya rin Niyang lumikha ng Paraiso para sa iyo, at nilikha Niya ito at ipinangako ito sa iyo. At dahil nangako Siya, tiyak na tatanggapin ka Niya rito!

Napagmamasdan natin bawat taon sa ibabaw ng mundo na tinitipon at ikinakalat Niya nang may ganap na pagkakaayos at balanse, nang may ganap na tiyempo at ginhawa, ang higit sa tatlong daang libong mga uri at mga pangkat ng mga hayop at halaman mga. Katiyakan na isang Nag-iisang Lubos na Makapangyarihang Kaluwalhatian ay may kakayahang maisakatuparan ang Kanyang pangako.

Dahil, bilang ganap na Makapangyarihan nililikha Niya ang mga halimbawa ng muling pagkabuhay at Paraiso sa libu-libong mga anyo bawat taon; at dahil, ipinangako (Niya) ang walang hanggang kaligayahan sa lahat ng Kanyang ipinahayag na mga banal na kasulatan, ibinibigay Niya ang magandang balita ng Paraiso; at dahil ang lahat ng Kanyang mga kilos at gawa ay isinasagawa nang may katotohanan, katapatan, at kabigatan; at dahil, sa pamamagitan ng patotoo ng lahat ng Kanyang mga gawa ng sining, ang lahat ng kaganapan ay nakaturo at nagpapatotoo sa Kanyang walang hanggang kaganapan, na ganap na walang kakulangan o pagkakamali sa Kanya; at dahil ang pagsira sa isang pangako, pagsisinungaling, kabulaanan, at panlililang ang pinakamasama sa mga katangian bukod sa pagiging mga kakulangan at pagkakamali; lubos na panigurado at buong

katiyakan na isasakatuparan ng Nag-iisang Lubos na Makapangyarihang Kaluwalhatian, Nag-iisang Lubos na Marunong na Kasakdalan, Nag-iisang Lubos na Mahabagin na Kagandahan, ang Kanyang pangako; Bubuksan niya ang pintuan sa walang hanggang kaligayahan; Tatanggapin Niya kayo, o mga tao ng pananampalataya, sa Paraiso, na siyang orihinal na tahanan ng iyong ninuno na si Adan.

**Ikalabing-isang pangungusap: *wa ilayhi'l masir* (at sa Kanya ang lahat ng bagay ay may hangganan)**

Ang mga tao ay ipinadala sa mundong ito, ang lupain ng pagsubok at pagsusulit, na may mahalagang mga tungkulin ng pangangalakal at pagkilos bilang mga opisyal. Matapos nilang tapusin ang kanilang mga gawain, maisakatuparan ang kanilang mga tungkulin, at makumpleto ang kanilang paglilingkod, sila ay babalik at makikipagkitang muli sa kanilang Mapagbigay na Panginoon at Maluwalhating Tagapaglikha na Siyang nagpadala sa kanila sa simula pa lamang. Sa paglisan nila sa pansamantalang kahariang ito, sila'y pararangalan at itataas sa presensya ng kadakilaan sa kaharian ng pagpapanatili. Ibig sabihin, sa pagkakalayo mula sa pagkakagulo ng mga sanhi at mula sa mga nakatagong mga tabing ng mga tagapamagitan, makikipagkita sila sa kanilang Mahabaging Tagapagtaguyod nang walang tabing sa trono ng Kanyang walang hanggang kamahalan. Matatagpuan ng bawat isa ang kanyang Tagapaglikha, Tunay na Pinaglalaanan ng Pagsamba, Tagapagtaguyod, Panginoon, at May-ari at direktang makikilala Siya. Samakatuwid, ipinapahayag ng pangungusap na ito ang sumusunod na masayang balita, na nakakahigit sa lahat:

O, tao! Alam mo ba kung saan ka pupunta at kung saan ka pinapapunta? Tulad ng nakasaad sa pagtatapos ng *Ika-Tatlumpu't Ikalawang Salita*, ang isang libong taon ng maligayang buhay sa mundong ito ay hindi maihahambing sa isang oras ng buhay sa Paraiso. At ang isang libong taon ng buhay sa Paraiso ay hindi maihahambing sa isang oras na pagtingin sa lubos na



kagandahan ng Napakagandang Nag-iisang Kaluwalhatian. Pupunta ka sa kaharian ng Kanyang habag, at sa Kanyang presensya.

Ang karikitan at kagandahan sa lahat ng mga nilalang sa mundong ito at sa mga minamahal sa mundong ito kung saan ikaw ay labis na tinamaan at nahuhumaling at na gustong-gusto mo, ay isang uri lamang ng anino ng pagpapahayag ng Kanyang kagandahan at ng karikitan ng Kanyang mga pangalan; at lahat ng Paraiso sampu ng lahat ng mahuhusay na kababalaghan nito, isa lamang pagpapahayag ng Kanyang habag; at lahat ng pananabik at pagmamahal at pang-akit at pagkabihag, isa lamang kislap ng pagmamahal ng Nag-iisang Walang Hanggang Kasamba-samba at Walang Hanggang Minamahal. Pupunta ka sa globo ng Kanyang presensya. Ikaw ay ipinapatawag sa Paraiso, na isang walang hanggang lugar ng pagdiriwang. Dahil ganito ito, dapat kang pumasok sa libingan na hindi umiiyak, bagkus nakangiti nang may inaasahan.

Ipinapahayag din ng pangungusap na ito ang mabuting balita: O, tao! Huwag kang matakot na iniisip na ikaw ay pupunta sa pagkalipol, hindi pag-iral, kawalan, kadiliman, pagkalimot, pagkabulok, at pagkalusaw, at na ikaw ay malulunod sa karamihan. Pupunta ka hindi sa pagkalipol, kungdi sa pagpapanatili. Ikaw ay itinutulak hindi sa hindi pag-iral, kungdi sa walang hanggang pag-iral. Papasok ka hindi sa kadiliman, kungdi sa mundo ng liwanag. At babalik ka sa iyong tunay na may-ari, sa trono ng Hari Bago Pa Man ang Walang Hanggan. Hindi ka malulunod sa karamihan, magpapahinga ka sa kaharian ng kaisahan. Ikaw ay itinakda hindi para sa paghihiwalay, ngunit kungdi para sa pagsasama."

*Luwalhatiin Kayo! Kami'y walang karunungan maliban sa  
itinuro Ninyo sa amin. Katotohanan, Kayo lamang ang  
may Lubos na Kaalaman at Karunungan.  
Banal na Qur'an, Al Baqarah (2):32*

*Mahal naming kapatid,*

*Maraming salamat sa pagbibigay ng kaunting oras para sa babasahing ito. Nawa'y nakatulong ito sa atin kahit papaano na mas mapalapit sa Allah at mas makita ang mga karunungan at pagpapala sa kabila ng nagaganap na pagsubok, in shaa Allah.*

*Dalangin namin na sama-sama nating malampasan ang pagsubok na ito, in shaa Allah. Gawin din natin sa abot ng ating makakaya, sa panahong ibinigay sa atin, na lumapit sa Allah nang may malalim na pananampalataya, pagpapasalamat, at pagtitiis anuman ang ating maranasan.*

*Maraming salamat ulit at nawa'y bigyan Niya tayong lahat ng isang mabuti at tunay na kasiya-siyang buhay na walang hanggan! Ameen.*